SA MGA MAMAMAYAN NG NAGANO PREFECTURE
MENSAHE NG GOVERNOR

Agosto 27, 2009
Governor Jin Murai
Hakbang Ng Nagano Prefecture
Laban sa Bagong uri ng Influenza

・Ipinahayag ngayong araw na ito na na may isang namatay sa Nagano City na nasa mga tatlumpung taong gulang ,sanhi ng bagong uri ng influenza.
Ipinararating ko ang aking taimtim pagdarasal sa kaluluwa ng pumanaw.

・Ang taong ito ay sinasabing mayroon pang ibang sakit na ginagamot ng siya ay magkaroon ng Influenza.

・Ang bagong uri ng Influenzang ito ay hindi halos nagkakaiba sa napa-panahong Influenza, at sinasabi na ang sintomas ay hindi lulmulubha sa mga karaniwang malulusog na tao at madali itong gagaling. Subalit napag-alaman na ang mga taong mayroong mga dati ng sakit gaya ng hika, cardiac disorders, sakit sa bato, diabetes, at mga babaeng nagdadalang-tao, maging ang mga bata at sanggol ay nagiging malubha.

・Ipinapalagay na kakalat pa ang Influenza sa Prefecture na ito.

・Ipinakikiusap ko sa lahat ng mamamayan ang buong pag-iingat na isagawa na " huwag kumalat at huwag mahawa" sa bagong uri ng Influenzang ito. Hadlangan ito sa pagkontra na huwag kumalat ang mikrobyo sa pamamagitan ng paghuhugas ng kamay, pagmumumog, magsuot ng face mask kung may sintomas, iwasan ang paglabas-labas at ugaliin ang "cough etiquette" tuwing uubo o babahin.

・Ang Nagano Prefecture ay patuloy na gumagawa ng hakbang upang maiwasan ang mabilisang paglaganap ng mikrobyo sa pagsupil ng bagong uri ng Influenzang ito sa pakikipagtulungan sa mga institusyong medikal at samahan sa pag-gagamot na maingat na minamatyagan ang kalalabasan nito.

Ipinakikiusap ang patuloy na pang unawa at kooperasyon ng lahat sa suliraning ito.